UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

HUNYO 1983



Sa dumaraming larangang gerilya, ang upa sa lupa ay hayag nang ibinababa ngayon ng mga samahang magsasaka. Kasabay nito'y naglulunsad ng mga pakikibakang pampulitika sa mas malawak na saklaw.

Ang pagpapaunlad sa ganitong mga pakikibaka ay isa sa limang tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka, na kailangang matupad upang matiyak ang matatag na batayan para sa higit pang pagsulong ng ating digmang bayan.

Nasa pahina 3 ang artikulo ukol sa lahatang-panig na pagsulong sa rebolusyonaryong gawain sa kanayunan.

## NILALAMAN

Editoryal 2

5 Tungkulin 3

Makiisa sa sambayanan 5

Kanino kakampi? 8

Sikretong mga dekreto, tinuligsa 11

Rebolusyon at pag-ibig 11

Balita 13

Internasyonal 15

EDITORYAL

## TINURUKAN ANG SUGAPA

Parang kinasasabikang turok ng bawal na gamot sa rehimeng sugapa sa imperyalistang ayuda ang bagong kasunduan sa mga baseng militar ng US sa Pilipinas, na pinirmahan noong Hunyo 1.

Pansamantalang ginhawa ang nakabakas sa ngisi ng pasistang diktador, bunga ng 900 milyong dolyar na ipinangako ng US kapalit ng buong-layang paggamit nito sa mga base para depensahan ang imperyalistang kapangyarihan sa buong rehiyong Asya-Pasipiko.

Halos doble ang ibibigay ng US sa mga taong 1984-89 kaysa naunang limang taon. Sobra sa kalahati--ang $475 milyong para daw sa mga proyektong pangkabuhayan sa paligid ng mga base--ay nakalaan sa kurakot ng rehimen. Lumobo rin ang halaga ng ibibigay o ipapagamit na mga kagamitan at serbisyong militar, na magiging $125 milyon na ngayon. Mayroon pang pautang na $300 milyon para bumili ng sandata mula sa US, na pagkaraan pa ng 10 taon kailangang bayaran. Bukod dito, pwedeng kumuha ng gasolina ang AFP mula sa suplay ng Subic at Clark, lalakihan ng US ang halaga ng binibili at serbisyong kinokontrata sa labas ng mga base, at ang sahod ng mga Pilipinong nagtatrabaho roon ay agad nang babawasan ng buwis para sa rehimen.

Dagdag sa militar at pang-ekonomyang mga pabuyang ito, malaking pampulitikang suporta para sa pangkating Marcos ang muling pagkilala rito ng US bilang pinakamaaasahang tuta ng imperyalismo sa Pilipinas. Sa kasunduan, may pakitang-taong pagbanggit sa soberanyang Pilipino, at palamuting probisyon na "kokonsultahin muna" ang Pilipinas bago gamitin ang mga base para sa mga operasyong militar na labas sa saklaw ng dati nang mga kasunduan.

Samantala, inuulit at iwinawasiwas pa ang probisyon tungkol sa walang rendang paggamit ng mga base sa mga operasyong militar ng US. Pwedeng magkaroon ng mga sandatang nukleyar sa mga base nang di kailangang sabihan--o pumayag--ang gubyernong Pilipino. At, panibagong katusuhan, ang mahabang palugit sa utang ay nagtatali sa Pilipinas kahit wala na sa poder ang pangkating Marcos.

Sa pagtatangkang alisan ng bwelo ang lumalakas na kilusang bayan laban sa mga base, ginawang lihim ang negosasyon at madaliang pinirmahan kahit hanggang simula pa ng 1984 ang kasalukuyang kasunduan. Palibhasa'y desperadong makatawid sa krisis sa ekonomya, nag-apura naman din si Marcos na tanggapin ang alok ng US, maski kulang ito sa $1.5 bilyon na una niyang hinihingi.

Subalit di tutugot ang sambayanan sa pananawagang itakwil ang kasunduan sa mga baseng imperyalista, lansagin ang mga ito, at palayasin ang lahat ng tropang US na nakahimpil sa Pilipinas.

Nagmamantini rito ng mga base ang imperyalismong US para sa agresibong layunin di lamang laban sa mga bayang sosyalista at kilusan sa pambansang pagpapalaya sa rehiyon, kundi laban din sa demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas. Sinusuhayan ng US ang pasistang rehimeng Marcos dahil sa mga baseng ito. At kaya nakapananatili ang mga base ay dahil naman sa pagkapapet ng rehimen.

Ang katotohanang ito ay kailangang mahigpit na masapol ng malawak na masa. Tungkulin ng ating Partido ang matiyaga't walang-sawang pagmumulat at pagpapakilos sa parami pa nang paraming tao kaugnay ng isyu sa mga base, na may istratehikong kabuluhan sa magiging takbo, tindi at tagal ng ating pakikibaka.

Mahalaga rin ang pakikiisa ng pandaigdigang kilusang anti-imperyalista, at laluna ng mamamayang Amerikano, para hadlangan ang patuloy at dagdag na mga hakbang ng imperyalismo na patagalin ang buhay ng sumusuray na rehimeng Marcos. ●


ANG Bayan Taon 15 Bilang 4 Hunyo 1983




## KILUSANG MAGSASAKA

# 5 Tungkulin

Walang katulad sa nakaraan ang lawak, lalim at mga bungang nakamit na ng kilu-



sang magsasaka sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas--lawak sa bilang ng kalahok sa buong kapuluan, lalim sa sinsin ng mga organisasyong nakatatag na sa kanilang hanay sa antas ng mga baryo, at mga bungang nakakamit na sa larangan ng benepisyong pang-ekonomya at paglalatag ng kapangyarihang pampulitika.

Para maibagsak ang diktadurang US-Marcos at makamit ang rebolusyonaryong pagbabago sa kanayunan, mahigpit na pinagkakaisa ang masang magsasaka sa sumusunod na limang tungkulin: (1) isulong pa ang pakikibakang masa; (2) suportahan ang pakikidigmang gerilya; (3) paunlarin ang produksyon; (4) asikasuhin ang edukasyon at kultura; at (5) lutasin ang mga problemang panlipunan.

Nilalaman ng mga tungkuling ito ang lahatang-panig na pagpapatatag sa kilusan ng mga magsasaka, ang uring siyang pangunahing pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan. Sa abanteng subyugto ng

istratehikong depensiba ng ating digmang bayan, kailangan ang ganitong lahatang-panig na pagpapatatag para paghandaan ang papatindi pang panunupil at pananalakay ng rehimen sa mga larangang gerilya, ibayo pang isulong ang armadong pakikibaka, at gawing muog ng rebolusyon ang malawak na kanayunan.

## Pakikibakang masa

Ibayong isulong ang mga pakikibakang masang antipasista at antipyudal, at saanman at kailanman maaari, isulong din ang pakikibakang anti-imperyalista.

Tumitindi pa ang pasistang panunupil sa masa sa lahat ng rehiyon ng bayan habang natutuliro ang kaaway sa pagsugod ng digmang bayan tungo sa mas mataas na antas ng labanan. Kayat dapat pag-ibayuhin pa ang pakikibaka para sa demokratikong karapatan ng mga magsasaka, tuligsain ang mga krimen at pang-aabuso ng pasistang militar, at tutulan ang mapanupil na mga hakbang at proyektong anti-mamamayan ng rehimen. Ang kilusang antipasista ay isang mahalagang paaralan ng mamamayan para makilala ang saligang mga katangian ng reaksyonaryong estado.

Lantad at masaklaw--ito ang mga katangiang dapat nang taglayin ng mga pakikibakang antipyudal. Batay sa nakakamit nang lakas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka at ng armadong pakikibaka, sa maraming lugar ay kaya nang iangat sa lantad ang dati'y kubling pagbabawas sa upang kinakamkam ng mga panginoong maylupa. Kailangan ding palakihin ang saklaw ng pakikibaka mula antas-baryo hanggang antas-munisipalidad at antas-distrito para mas epektibong matarget ang malalaki't despotikong panginoong maylupa na di lamang gabaryo ang lawak ng mga lupain. Mapamiling isasagawa ang kumpiskasyon ng lupa ng mga despotikong panginoong maylupa at pagbawi at muling pamamahagi ng mga lupang inagaw sa mga magsasaka.

Saanman at kailanman maaari, dapat isulong ang pakikibakang anti-imperyalista sa kanayunan. Hindi agad lumilitaw sa maraming magsasaka ang usapin ng imperyalismo, kayat dapat pagpunyagiang maipakita sa kanila ang pagkakasakal nito sa kabuhayan at pulitika ng buong bansa, at ipakita rin ang partikular na mga kuko ng imperyalismo sa kanayunan--mga korporadong sakahang pag-aari ng mga imperyalista; mga gamot, traktora at binhing ininenegosyo ng mga imperyalistang empresa; at mga proyektong "pangkaunlaran" sa iba't ibang rehiyon ng bayan na nagpapalayas sa masang magsasaka o lalong naglulubog sa kanila sa utang [AB, Abril 1983].

Sa pagsusulong ng pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista, makakamit ang komprehensibong pagsulong ng rebolusyonaryong kamalayan at pagkilos ng masang magsasaka.

## Suporta sa digma

Sa paglulunsad lamang ng digmang magsasaka para sa lupa mabubuo ang pangunahing sandatahang lakas ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas. Kaya sa uring magsasaka lamang maaaring magmula ang higit na nakararami sa mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Sa hanay rin nila nagmumula ang pinakamalaking suporta sa armadong pakikibaka.

Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka na tuluyang suportahan ang armadong pakikibaka pasulong sa mas mataas pang antas: patuloy na pasampahin sa mga buong-panahong yunit at milisya ng BHB ang pinakamahuhusay nilang anak; patuloy na tulungan ang hukbong bayan sa paghahanda at pagsasagawa ng mga operasyon, sa paniniktik, sa komunikasyon, at sa propaganda; at patuloy na tugunan ang pangangailangan ng mga gerilyang bayan sa pananandata, pagkain at iba pa.

Sa gayon, lalong mapalalakas ng masang magsasaka ang BHB, sa interes ng buong sambayanan, at mapalalaki rin nila ang sariling kakayahang magtanggol sa kanilang mga karapatan at tagumpay.

## Pagpapaunlad sa produksyon

Isang mahalagang tungkulin din ng kilusang magsasaka ang pagpapaunlad sa produksyon, laluna sa mga lugar na may makabuluhang tagumpay nang nakakamit sa rebolusyong agraryo. Kailangang palakihin ang inaani habang namamaksimisa ang ginugugol na pagod at salapi. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpaplano sa ekonomya ng komunidad sa komprehensibong paraan, paggamit ng lupa sa iba't ibang pananim, pagtataguyod ng libreng palitan ng paggawa, at pagtatayo ng mga kooperatiba, gaya ng sa patubig at sa pagbebenta.

Sa pag-unlad ng produksyon at ng pakikibakang agraryo na tumitiyak na ang makikinabang ay ang mga magsasaka at di ang mga mapagsamantala, maiibsan ang lumalala pang paghihirap ng masa sa bumubulusok na ekonomya ng bayan at sa harap ng mga blokeyong pang-ekonomya ng kaaway, at maaangkupan ang lumalaking mga pangangailangan ng panustos sa rebolusyonaryong digma.

## Edukasyon at kultura

Matabang lupa ang hanay ng mga magsasaka para sa pagtatanim ng rebolusyonaryong mga ideya at batayang kaalaman. Uhaw din sila sa pagdidilig ng rebolusyonaryong sining at panitikan. Kayat kailangan ding atupagin ang gawaing edukasyon at kultura sa hanay nila. Mahalaga ang mga pormal na kursong masa (pangkalahatan at sektoral), pagtuturong magsulat, magbasa at magkwenta, at mga pagkatha at pagtatanghal na pangkultura, para mapabilis pa ang paglaganap ng rebolusyonaryong kamalayan sa hanay ng masa at mapalakas pa ang kakayahan nilang magrebolusyon.

## Paglutas sa mga problema

Tungkulin din ng kilusang magsasaka ang pagharap at paglutas sa mga problemang panlipunan sa mga lokalidad. Nariyan ang usapin ng kalusugan na lubhang pinababayaan ng reaksyonaryong gubyerno. Nariyan ang mga krimen at masasamang bisyo sa lokalidad, gayundin ang mga sigalot na pampamilya at mga tunggalian sa hangganan ng mga lupain. Nariyan ang mga problemang bunga ng paghahamlet at pagtataboy ng mga mangangamkam at ng estado.

Ang paglutas sa mga problemang ito ay mahalaga sa kapakanang pangkabuhayan ng masa at sa konsolidasyon ng mga rebolusyonaryong baseng gerilya. Kung hindi malulutas, mapahihina ng mga ito ang pagkakaisa ng masa at ang kakayahan nilang makibaka. Sa halip na ang mga kadre ng Partido na may ibang pangunahing gawain ang humaharap sa mga usaping ito, makabubuting saluhin na ng mga aktibistang magsasaka, para magkaroon sila ng makabuluhang pagsasanay sa rebolusyonaryong pamamahala. Katunaya'y simula na ito ng pagtupad sa mga responsibilidad ng demokratikong pamahalaang bayan sa mga lokalidad.

## Organisadong pagkilos

Para magampanan ang limang tungkuling ito, kailangang palakasin at paramihin ang mga rebolusyonaryong organisasyong magsasaka. Ang ganap na samahang magsasaka ang komprehensibong makagagampan sa mga tungkuling ito dahil sa dami ng myembro at dahil din sa kakayahan nitong magbuo ng mga komite at grupo sa iba't ibang larangan at bahagi ng gawain (halimbawa--mga komite sa depensa, edukasyon at kalusugan, mga grupong paniktik, at mga grupo sa iba't ibang gawain sa produksyon).

Kailangang paramihin at paunlarin din ang mga grupo at komiteng pang-organisa para maitayo agad ang mga samahang magsasaka sa pagsisikap ng mga ito [AB, Pebrero 1983]. Mas mainam kung makahahakbang na para buuin ang mga organisasyong magsasaka sa antas ng munisipalidad at distrito para makaangkop at makapanguna sa mas masaklaw na mga pakikibakang agraryo.

Kakailanganin ng mga ganap na samahang magsasaka ang lahat ng tulong na maiaambag ng mga yunit ng milisya, mga organisasyon ng kababaihan at organisasyon ng kabataan sa mga baryo at munisipalidad. Sa katunaya'y bahagi ang mga ito ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka.

Kailangang mahigpit na iugnay ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa pakikibaka at kilusan ng iba pang demokratikong sektor sa anyo ng pagtatayo ng mga taktikal na alyansang multisektoral na ang mayorya ay binubuo ng mga magsasaka sa isang probinsya o rehiyon.

Maraming aktibidad ang inaatupag ngayon ng rebolusyonaryong masang magsasaka sa buong bayan na binibigkis ng Partido sa iisang depinidong direksyon ng lahatang-panig na pagsulong. Inaasahan ang ilang ulit na ibayo pang pagsulong ng kilusang magsasaka sa darating na mga taon. ●

# Makiisa sa sambayanan

Labimpitong taon na ang nakakaraan, nagkaroon ng sunud-sunod na mga demonstrasyon sa Maynila. Tampok sa mga ito ang martsang protesta ng mga istudyante sa embahada ng US at sa Manila Hotel noong Oktubre 24, 1966 bilang pagtutol sa partisipasyon ng Pilipinas sa digmang agresyon ng US sa Vietnam. Nagpupulong noon sa otel ang pangulo ng US, si Lyndon Johnson, at ang mga papet na pinunong estado sa Asya na tinipon niya upang pag-usapan ang pagpapatindi ng US sa pananalakay nito sa Vietnam. Marahas na sinupil ng mga pulis ang demonstrasyon.

Ang demonstrasyong ito ang naglunsad sa tinatawag na Kilusang Oktubre 24. Dalawang taon bago nito, noong 1964, binuo ang Kabataang Makabayan (KM) upang kumatawan sa oryentasyong pambansa-demokratiko sa kilusang istudyante noon. Alinsunod sa ganitong oryentasyon, dinala ng Kilusang Oktubre 24 ang isang anti-imperyalistang kampanyang edukasyon, na nakatulong para pabilisin ang paglaki ng kilusang rebolusyonaryo sa hanay ng mga istudyante, mula sa isang maliit na ki-

lusang pulitikal sa loob ng kilusang istudyante hanggang ito'y maging isang malaking rebolusyonaryong unos noong unang bahagi ng dekadang 1970.

## Oryentasyon

Ang rebolusyonaryong unos ng 1970-72 ay isang makapangyarihang kilusang masa na nagpalaganap ng linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa buong kapuluan. Nagpalitaw ito ng libu-libong kadre at aktibista na nagsulong sa mabilis na paglaki at paglawak ng digmang bayan sa pambansang saklaw.

Sampu-sampung libong istudyante, na siyang bumuo sa kalakhan ng mga demonstrador noon, ang bumuhos sa kalsada at nagtungo sa mga pagawaan, komunidad at baryo. Dinala nila ang interes ng sambayanan, laluna ng batayang masa, sa pamamagitan ng pagpopropaganda, pakikisalamuha sa manggagawa't magsasaka, pagtataguyod sa armadong pakikibaka at paglahok nang buong panahon sa rebolusyonaryong pagkilos.

Pinatunayan ng unos na iyon ang kawastuan ng panawagang ginawa noong panahon ng Kilusang Oktubre 24 ni Jose Ma. Sison, pangulong tagapagtatag ng KM:

*Sapagkat ang pambansa-demokratikong pakikibaka ay isang malawak na pakikibakang sumasaklaw sa mga manggagawa, magsasaka at ibang sektor ng populasyon, dapat laging iugnay ng mga istudyante ang pakikibaka nila sa pakikibaka ng buong sambayanan, pangunahin na sa pakikibaka ng pinagsasamantalahang manggagawa at magsasaka.*

*Bilang maliit na grupong panlipunan na nakabukod pa sa aktwal na proseso ng produksyon, wala sa pusisyon ang mga istudyante na gumawa ng rebolusyonaryo at pangmatagalang pagbabago kung hindi sila makikipagkaisa sa pakikibaka ng masang manggagawa at magsasaka.*

*Lahat ng seryosong pagsisikap, kung gayon, ay dapat isagawa para gawing rebolusyon sa kultura (isang kilusang propaganda) na may oryentasyong pambansa-demokratiko ang kasalukuyang kilusang rebelde ng istudyante.*

Ang kasalukuyang kilusang istudyante, sa pamumuno ng Partido, ay sumusunod sa maningning na halimbawa ng rebolusyonaryong unos ng 1970-72. Pinaninindigan nito na nananatiling angkop ang oryentasyon noon hanggang sa kasalukuyan--na ang kilusang istudyante ay bahagi ng mas masaklaw na kilusang rebolusyonaryo ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo; na dapat umunlad ito bilang isang ganap na kilusang propaganda para sa pambansang demokrasya.

Nananatiling totoo pa rin ngayon na ang mga kabataan at istudyante, kasama ang mga guro, ay nasa pinakamahusay na pusisyon para paunlarin ang kilusang propaganda. Malakas ang kanilang pandama sa pulitika, sila ang pinakamarami sa mga intelektwal, sila'y makilos at sila'y kalat-kalat ngunit nakatipon sa mga iskwelahan at partikular na lugar kapwa sa lunsod at kanayunan.

Bukod sa pagpapalaganap ng mga rebolusyonaryong ideya sa iba't ibang sulok ng kapuluan at sa iba't ibang sektor ng lipunan, ang mga istudyante, dahil konsentrado sa lunsod, ay nakapagbibigay ng kinakailangang kapal at mataas na antas ng militansya sa kilusan sa kalunsuran.

Sa pamamagitan ng wastong pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong gawain sa hanay nila, maraming kadre at aktibista ang mapalilitaw para sa iba't ibang linya ng rebolusyonaryong gawain sa syudad at kanayunan. Dahil napanday na sila sa mga pakikibaka ng masa at dumaan sa pagsasanay bilang intelektwal, madali silang mapaunlad para maging mga instruktor sa loob ng Partido, mga giyang pampulitika at kumander sa hukbong bayan, at mga organisador at propagandista.

## Angkop na taktika

Samantalang hindi nagbabago ang oryentasyon ng kilusang istudyante mula noong bago pa ipataw ang batas militar, nagbago ang mga kundisyon mula 1972 kaya't nangailangan ng katumbas na pagbabago sa taktika. Lumitaw ang pasistang diktadura sa gitna ng pagtindi ng krisis sa ekonomya at pulitika at mabilis na pag-unlad ng rebolusyonaryong pwersa. Hindi maliit ang naiambag ng rebolusyonaryong unos ng 1970-72 sa pagpapahina ng naghaharing sistema na nagsikap patagalin ang pagbagsak nito sa pamamagitan ng pasistang kontra-rebolusyon.

Naging isa sa pangunahing target ng pasistang kontra-rebolusyon ang kilusang istudyante. Sa gitna ng mahirap na mga kundisyon, natuto ang mga istudyante na umangkop sa bagong kalagayan at magpanibagong-lakas. Mga bagong anyo ng pakikibaka at mga bagong anyo ng organisasyon ang ginamit nila para mabawi ang kanilang mga karapatan. Noong 1977, sapat nang nakabangon ang kanilang kilusan para labanan ang pagtaas ng matrikula sa Metro Manila. Sinundan ito ng mas malaking bugso ng aksyong masa para sa reporma sa

kampus noong 1980 at higit pang malaking bugso sa pambansang saklaw noong 1981.

Ipinakita ng tatlong bugsong ito ang pag-unlad ng kilusang istudyante bilang isang malawak na kilusang reporma na may pambansang katangian. Sa ngayon, hindi pa ito isang ganap na kilusang propaganda para sa pambansang demokrasya ngunit ang lumalaking bahagi nito ay nagdadala na ng mga batayang isyu at suliranin ng sambayanan.

Layunin nito na paunlarin at isulong ang kilusang masang pampulitika sa hanay ng mga kabataan at istudyante bilang bahagi ng mas masaklaw na anti-imperyalista, antipasista at antipyudal na pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Tulad ng Kilusang Oktubre 24, ito'y isang kampanyang edukasyon na naglalantad sa papel ng imperyalismong US at papet nitong rehimen sa pag-iral at paglala ng mga suliraning pambansa. Digma sa Vietnam at mga baseng militar ng US ang mga isyu noong 1966. Ngayon, ang mga tampok na isyu ay ang krisis sa ekonomya, ang mga baseng militar ng US at ang pasistang panunupil na suportado ng US.

Ibayong nagsisikap ngayon ang mga kadre ng Partido at ang mga aktibistang istudyante na gawing ganap na kilusang propaganda para sa rebolusyon ang kasalukuyang kilusan ng mga istudyante. Para dito'y pinapahusay ang pampulitikang edukasyong masa upang lalo pang dumami at dumalas ang partisipasyon ng mga istudyante sa mga aksyong masa't pakikibaka sa mga pambansang isyu at pahigpitin ang pagsuporta nila sa pakikibaka ng manggagawa't magsasaka.

Ang pampulitikang edukasyong masa sa ngayon ay nagdidiin sa sistematikong pambansa-demokratikong edukasyon sa kilusang lihim. Isang batayang kursong masa na mas angkop sa mga istudyante, at ang mga batayang dokumento ng KM ang pinauunlad at pinalalaganap. Ang *Kalayaan*, pahayagan ng KM, at iba't ibang pahayagan tulad ng *Ang Bayan* at *Liberation* ay ginagamit din para sa edukasyon at propaganda. Pinapahusay rin ang ligal na pampulitikang edukasyong masa.

Upang mapahusay ang lihim at hayag na pampulitikang edukasyong masa, at upang matiyak ang higit na partisipasyon ng mga istudyante sa pampulitikang aksyong masa, pinalalakas ngayon ang mga pampulitikang organisasyon nila. Ang Kabataang Makabayan, na sa ngayo'y tanging lihim na samahang pambansa-demokratiko para sa kabataan at istudyante, ay pinalalakas bilang pambansang organisasyon na binubuo ng mga ganap na balangay sa lokal na antas. Para lumawak at makonsolida ang mga elementong mulat na di naaabot ng KM, pinauunlad ang isang ligal na pambansang organisasyon na may malawak na pangmasang katangian.

Habang binubuo ang mga organisasyon ng kabataang istudyante, pinalalakas din ang mga sangay ng Partido upang magbigay ng epektibo at mahigpit na taktikal na pamumuno sa lokal na antas [AB, Abril 1983].

## Iba't ibang kalagayan

Magkakaiba ang mga kundisyon sa iba't ibang tipo ng paaralan. Kaya't ang pag-unlad ng mga antipasista at anti-imperyalistang grupo at kilusan ay magkakaiba rin sa bawat tipo. Dito umaangkop ang pagkilos ng mga sangay ng Partido, sa patnubay ng mga komite nito sa seksyon at distrito.

Sa mga iskwelahan na estado ang may-ari, halimbawa, sinisiyasat ng mga sangay ng Partido ang partikular na halaga ng iskwelahan sa estado at naghaharing uri. Ang mga proyekto at programa ng imperyalismong US at ng rehimen na nakaaapekto sa iskwelahan ay inilalantad at ginagamit para dugtungin ang mga suliranin ng istudyante sa suliranin ng lipunan. Isinasabay ito sa lahatang-panig na edukasyong pampulitika habang patuloy na nakikibaka sa pagpapabaya ng gubyerno sa edukasyon at sa kapakanan ng istudyante't guro.



Sa mga pribadong iskwelang di sektaryan, nahaharap ang mga makabayang grupo't kilusan sa matinding panunupil ng kapitalistang may-ari at administrador. Ngunit bukas naman ang mga istudyante sa mga rebolusyonaryong ideya dahil karamihan sa kanila'y nasa mababang petiburgesya. Puspusang pakikibaka ang pinamumunuan ng Partido at balangay ng KM para sa reporma sa kampus para likhain ang paborableng kalagayan sa pagmumulat sa pulitika ng mga istudyante. Pinauunlad ng mga kasama at aktibista ang kakayahan sa solidong pag-oorganisa, at ang pagiging mapanlikha at matapang para maglunsad at magmantini ng mga lihim at hayag na kilos pampulitika sa gitna ng matinding panunupil.

Sa mga elitistang iskwelahan, na marami'y pinatatakbo ng mga relihiyoso, ginagamit ng kilusan ang mga pagkakataon kapag may pusisyong makatao o makabayan ang mga namamahala sa iskwelahan. Subalit habang ginagamit ang ganitong palugit, nagbibigay din ng pansin sa pagbaka sa mga ideyang pyudal at nakakalabong ideyang kumakalat sa mga iskwelang ito. Mas madaling maabot ang masang istudyante sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa mga lider-istudyante na madalas ay may malakas na impluwensya. Ngunit ang mapagpasyang hakbang ay ang pagdadala sa mga istudyante sa labas ng iskwela para makisalamuha sa mga manggagawa, maralita ng lunsod, magsasaka at ibang sektor. Napatitingkad ang pangangailangang ito ng katotohanan na marami sa mga istudyante sa mga elitistang iskwelahan ay nasa mataas na petiburgesya o nagmumula sa mga pamilya ng naghaharing uri.

Para maabot ang malaking bilang ng istudyante sa mga mataas na paaralang pampubliko, mahalaga ang pagmumulat sa mga guro dito. Sa mga *vocational* na iskwelahan, ang pag-oorganisa ay nakatutok sa pagpapalitaw ng mga kadre at aktibista para sa gawain sa kilusang unyon.

Bastat sapol ang wastong oryentasyon at dalubhasa sa pagsisiyasat at taktika, mabilis na hahakbang pasulong ang kilusang istudyante. Darating ang panahon, sampu-sampung libong istudyante ang lalahok sa mga aksyong masa ng manggagawa at magsasaka sa isang makapangyarihang unos na lalagpasan ang tindi at laki ng naganap noong dekadang 1970. ●

## REPORMISTANG BURGES:

# Kanino kakampi?

Kamakailan, pinag-aaresto ng rehimeng Marcos ang ilang oposisyonistang pulitiko at binantaan ang marami pang iba na may kinalaman daw sa mga "subersibo." Ang mga oposisyonistang ito'y kabilang sa bloke ng mga repormistang burges--ang iba't ibang pwersang nakapusisyon sa pagitan ng diktadurang US-Marcos at rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng Partido.

Ang blokeng ito ay binubuo ng mga oposisyonistang partidong pampulitika (pambansa at panrehiyon), grupo ng mga oposisyonista ng pulitika, mga "sosyal-demokrata, at mga impluwensyado nilang grupo at indibidwal sa negosyo, unibersidad, masmidya, simbahan at mga propesyon.

Sa kabuuan, naglalayon ang bloke na panatilihin ang naghaharing sistema sa pamamagitan ng pagrereporma rito. Kayat ang pagkilos nila ay nakasentro sa pagtataguyod sa mga kalayaang sibil at mga pormal na proseso ng demokrasyang burges, sa pag-asang hahantong ito sa pag-aalis sa kapangyarihan ng pangkating Marcos.


Ang mga repormistang burges ay mahalagang pwersa, bagamat hindi isang mapagpasyang pwersa, sa pulitika ng bansa. Mahalaga ang papel nila sa paglalantad at paghihiwalay sa diktadura at sa pagpapalala sa mga bitak na lumilitaw sa kampo ng pangkating Marcos. Kapag tuwiran silang nananawagan sa mamamayan, may naitutulong sila para mapukaw at mapakilos ang mga bahagi ng populasyon na di pa aktibo sa pulitika.

Ito ang dahilan ng pagbabanta at pang-aaresto ng rehimen sa ilang personalidad sa hanay ng mga repormistang burges. Gayunman, pinapahalagahan sila ng imperyalismong US bilang reserbang kabayo na maaaring ipalit sa poder kung kinakailangang patalsikin na ang pangkating Marcos. Kasabay nito, inaakit sila ng imperyalismong US at ng pangkating Marcos na makipagkasundo at makipagtulungan sa diktadura para maihiwalay at salakayin ang rebolusyonaryong pwersa.

### Kasaysayan

Lumitaw ang bloke ng mga repormistang burges bilang reaksyon sa pagmomonopolisa ng pangkating Marcos sa kapangyarihan. Subalit hindi agad nakapusisyon ang mga pulitikong karibal ni Marcos para sa makabulubang paglaban sa diktadura. Nang

KALIWA... ...AT KANANG PANIG







ipataw ang batas militar noong 1972, halos lubos na nawasak ang makinaryang pampulitika nila at napatahimik, kundi man nakabig, ng pangkating Marcos ang karamihan sa lider at tauhan nila. Anupa't ang iilang nanatiling aktibo sa loob ng Pilipinas ay nauwi sa kalat-kalat at makitid na aktibidad laban sa diktadura.

Samantala, nanatiling buo ang makinarya ng Partido Komunista ng Pilipinas at patuloy na naisulong nito ang armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa. Nang muling lumaganap sa mga syudad ang hayag na pagsalungat sa diktadura noong 1975, sumigla ang pagpopropaganda ng mga namumunong repormistang burges laban sa pangkating Marcos. Bagamat sinakyan nila ang bugsong ito ng pambansa-demokratikong kilusang masa, pinangambahan din nila ang paglakas pa ng Partido, kayat naging matingkad din ang anti-komunismo sa kanilang mga pahayag. Kasabay nito, naging abala sila sa pagkuha ng basbas at suporta ng imperyalismong US.

Imbis na paglaban sa diktadura, tumampok naman sa mga aktibidad ng mga "sosyal-demokrata" ang propagandang anti-komunista at paghadlang sa lumalaganap na impluwensya ng kilusang pambansa-demokratiko sa mga progresibong taong-simbahan.

Ganito ang naging pagkilos ng mga repormistang burges hanggang noong bago naganap ang "eleksyon" para sa Interim Batasang Pambansa noong 1978. Sa "eleksyong" iyon, lumahok sila sa isang hayag na kampanyang masa at nakipagtulungan sa mga pwersang pambansa-demokratiko. Nabuo rin sa panahong iyon ang mga bagong partidong oposisyonista sa ilang rehiyon.

Pagkatapos ng "eleksyon," lumitaw ang ilang magkakaibang tendensya sa loob ng bloke ng repormistang burges. May nagtangkang magpaputok sa syudad ng armadong pakikibakang hiwalay sa kilusang masa, may naging bukas sa patuloy na pag-ugnay at pakikipagtulungan sa mga rebolusyonaryong pwersa, may nanatiling mas interesado sa pakikipagtawaran at pakikipagkasundo sa pangkating Marcos at nagpatuloy sa panliligaw sa imperyalismong US, at may bumalangkas at nagsikap magpatampok sa programa ng "ikatlong alternatiba" (anti-diktadura pero hiwalay sa kilusang pambansa-demokratiko). Ang pinakamahalagang paghahati sa loob ng bloke sa panahong ito ay sa pagitan ng mga palaban sa diktadura at ng mga nagtataguyod sa "kritikal na kolaborasyon."

Mula noong huling bahagi ng 1980 hanggang sa kasalukuyan, mas tumiling sa kilusang pambansa-demokratiko ang kaliwang panig ng mga repormistang burges at nakapangibabaw sa buong bloke ang impluwensya ng panig na ito. Bunga ng paglahok ng maraming pulitikong oposisyonista at tagasunod nila sa malawak na kilusang masa kaugnay ng pagboykot sa "eleksyong" presidensyal noong 1981, tumampok sa kabuuan ang usapin sa pagbubuklod at kooperasyon ng lahat ng pwersang lumalaban sa diktadura. Kasabay nito, humupa ang paglalako ng mga repormistang burges sa "ikatlong alternatiba." Samantala, nasupalpal ang mga nanliligaw sa suporta ng US nang hayagang kinandili ng administrasyong Reagan ang rehimeng Marcos. Nabigo naman ang pagtatangka ng ilan sa kanila na maglunsad ng armadong pakikibaka sa syudad.

## Katangian

Maliit ang organisadong pwersa ng mga repormistang burges at buhaghag ang suportang masa nila. Pero malawak ang kanilang ugnay at impluwensya sa mga panggitnang seksyon ng populasyon at pinakikinggan din sila ng makabuluhang bahagi ng manggagawa't magsasaka. Nagagawa nila ito sa pamamagitan ng propaganda at iba pang aktibidad laban sa diktadura sa loob at labas ng Pilipinas.

Ang mga namumuno sa bloke, kung hindi kumakatawan sa bahagi ng malaking bur-

gesyang kumprador at uring panginoong maylupa na naagrabyado sa pagmomonopolyo ng pangkating Marcos sa kapangyarihan, ay mula sa panggitna at maliit na burgesya na kumakapit sa liberalismong burges.

Ang hangad ng bloke ay makalikha at makapagpalakas ng isang kilusang anti-diktadura na nakabase sa mga panggitna at nakaaangat na saray ng lipunan, pinamumunuan ng antipasistang burgesya, at may malakas na impluwensya sa mga maralita sa kalunsuran at kanayunan. Upang maakit ang mga maralita, binibigyan ng pansin ng mga repormistang burges ang mga hinaing ng manggagawa at magsasaka, laluna tungkol sa mga demokratikong karapatan at sa lumulubhang paghihikahos ng anakpawis.

Ang karamihan sa mga repormistang burges ay sumisimpatya at handang sumuporta sa pakikibakang masa ng mga manggagawa at magsasaka, at marami rin ang kumikilala sa kahalagahan ng armadong pakikibakang pinamumunuan ng Partido. Ang ilan pa nga sa kanila'y gumagamit ng dahas sa tangkang sindakin ang diktadura. Pero hayag at parlamentaryo ang pangunahing paraan (at para sa marami sa kanila, ang tanging paraan) ng kanilang paglaban sa diktadura.

## Tatlong panig

Hindi isang solidong bloke ang mga repormistang burges. Nahahati sila sa tatlong panig--kanan, gitna at kaliwa--batay sa kanilang pananaw sa imperyalismong US, paraan ng paglaban sa diktadura, pakikipagtulungan sa rebolusyonaryong pwersa, at mga pagbabagong kinakailangan ng lipunang Pilipino. Ang kanang panig, bagamat anti-Marcos, ay kumikiling sa pakikipagkasundo at pakikipagtulungan sa diktadura laban sa rebolusyon; nasa panig na ito ang mga sagadsaring anti-komunista sa loob ng bloke. Ang kaliwang panig naman ay kumikiling sa pakikipagtulungan sa rebolusyonaryong pwersa at pagtaguyod sa kilusang masa. Ang gitnang panig ay nagpapabaling-baling sa kanan o kaliwang panig, ayon sa kung alin ang mas malakas sa isang panahon. Matingkad ang katangiang antipasista ng panig na ito, nasa larangang ligal at parlamentaryo ang mga aktibidad, at bukas, pero may pag-aalinlangan, sa pakikipagtulungan sa rebolusyon.

Hanggang sa kasalukuyan, naghahatakan ang kanan at kaliwang panig sa loob ng bloke. Ngayong nangingibabaw ang impluwensya ng kaliwa, sa kabuuan ay positibo ang papel ng bloke sa pulitika ng bansa. Sa hinaharap, may posibilidad na mapagpasyang makabig ang karamihan sa kampo ng reaksyon o ng rebolusyon. Kung magkakagayon, hindi na magiging makabuluhan bilang isang hiwalay na blokeng pampulitika ang mga repormistang burges.

Bagamat hinahangad ng mga repormistang burges na magpalakas bilang isang nagsasariling "ikatlong pwersa," malalaki ang hadlang para matupad ito. Mabuway ang kanilang pagkakaisa. Maliit at mahina ang organisadong pwersa nila, sa kalagayang maigting at higit pang umiigting ang tunggalian ng rebolusyon at kontra-rebolusyon sa bansa. Isa pa, nakasalalay ang paglakas na ito sa tulak at suporta ng imperyalismong US, na di nila maaasahan ngayong nagkakaigihan ang relasyon nito at ng pangkating Marcos.

## Kinakabig sa rebolusyon

Bagamat di prinsipal ni mapagpasyang rebolusyonaryong gawain sa buong bayan o kahit sa kalunsuran, mahalaga ang wastong pakikitungo sa mga repormistang burges para mapatindi ang paglaban sa diktadura, likhain ang pinakapaborableng kalagayan para sa pagsulong ng mga hayag na pakikibaka, at pabilisin pa ang pagpukaw at pagpapakilos sa malawak na masa para sa digmang bayan.

Sa kasalukuyang pulitika, walang lugar ang inilalakong nagsasariling "ikatlong pwersa" na nakapagitna sa rebolusyong pambansa-demokratiko at diktadurang US-Marcos, at walang dahilan para lumakas pa ito bilang isang blokeng may kakayahang maglayo sa rebolusyon ng makabuluhang bilang ng mamamayan.

Sa gayon, pinapaunlad natin ang ating relasyon sa kaliwa at gitnang panig at hinihikayat sila na kumampi sa mamamayan at rebolusyon, habang inilalantad at ihinihiwalay ang mga palasuko't sagadsaring reaksyonaryo sa kanang panig. Handa tayong makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga grupo't personalidad na repormistang burges kailanman kapaki-pakinabang ito sa rebolusyon. Pero dapat tayong maging mapagmatyag sa mga tendensyang reaksyonaryo nila at handang makipagtunggalian sa kanila nang may pagtitimpi.

Sa pag-igting ng digmang bayan, higit pang mahahati ang lipunang Pilipino sa kampo ng rebolusyon at ng kontra-rebolusyon. Sa ganitong kalagayan, di makakapanatili ang mga repormistang burges bilang isang "gumigitnang" pwersa. Sa wastong pakikitungo ng Partido sa kanila, ang malaking bahagi ng mga repormistang burges ay maaaring pumanig sa masa at sa rebolusyon, at mahihiwalay ang maliit na bilang na makakaladkad sa pagbagsak ng diktadurang US-Marcos. ●

# Sikretong mga dekreto, tinuligsa

Mahigit 1,000 sikretong mga batas ang ginawa ni Marcos mula 1972, ayon sa isang independyenteng samahan ng mga abugado na nagpitisyon sa Korte Suprema na ipalathala ang mga ito.

Iginiit ng Kilusan ng mga Abugado para sa Kapatiran, Integridad at Nasyonalismo (MABINI) na karapatan ng mamamayan na mabatid ang mga ito at pinuna rin ang mga anomalya sa paggawa at paglalathala ng mga batas na ito.

Kabilang sa mga natuklasang batas ang dikreto ng panguIo (PD) Blg. 1834 at 1835




na pinirmahan ni Marcos noon pa mang Enero 1981. Ilan sa mga probisyon ng dalawang dikreto ay:

-- Kamatayan sa mag-oorganisa ng mga rali, at kontra-gubyernong piket ng mga manggagawa;

-- Kamatayan sa mga may-ari at maneidyer ng masmidya na gumagamit o pumapayag na ipagamit ang kanilang pasilidad para sa tuluy-tuloy na propaganda laban sa gubyerno at mga upisyal nito;

-- Habambuhay na pagkabilanggo o kamatayan sa mga lider at sa sinumang lumalahok sa rebelyon;

-- Habambuhay na pagkabilanggo o kamatayan sa sinumang nambubuyo sa sedisyon sa pamamagitan ng talumpati, sulatin, kartun, istrimer at iba pa.

Huling-huli, nagkunwa si Marcos na pinag-aaralan pa ang ilang batas na di nailathala at sinisi ang Kawanihan sa Pag-iimprenta para sa di pagkakalathala ng marami pang iba. Kaugnay ng mga kalabisang itinatadhana ng PD 1834 at PD 1835, sinabi ni Marcos na layon ng mas mabigat na parusa na masaklaw ng mga korte ang lahat ng kasong kaugnay ng pambansang siguridad at kaayusang publiko at mabawakan ng korte ang lahat ng nakadetini habang di napagpapasyahan ang kanilang kaso.

Tinuligsa ng iba't ibang grupo, samahan at organisasyon ng taumbayan ang mapanupil na mga dikreto ng rehimen at hilig nito sa mga "biglang-batas." ●

---

# *REBOLUSYON at PAG-IBIG*

Inilabas kamakailan ng Komite Sentral ang mga tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido, na ang pinal na bersyon ay pinagtibay matapos ang pagsusuri sa orihinal na burador ng 1977.

Ang mga tuntunin ay binubuo ng mga patakarang nagpapatupad sa mga proletaryong prinsipyo sa pag-aasawa. Nililinaw ng mga tuntunin at ng kalakip na praymer ang mga karapatan at tungkulin ng mga kasamang nagliligawan, magkasintahan at mag-asawa, gayundin ng mga kolektiba nila.

## Institusyon ng kasal

Itinataguyod ng Partido ang matrimonyo, sa pagkilala na ang pamilya ay positibong elemento sa lipunan at rebolusyon. Sa institusyon ng kasal pormal na kinikilala ng mag-asawa at ng lipunan (na kinakatawan ng Partido) ang mga karapatan at responsibilidad ng bawat isa.

Ang ganitong pagtataguyod ay salungat sa maling aktitud na walang kinikilalang prinsipyo kundi ang kagustuhan ng indibidwal, masagasaan man ang karapatan o masamantala man ang kahinaan ng iba.

Dahil sineseryoso ang kasalan, tinitiyak ng Partido na may sapat na preparasyon ang magkasintahan para dito. Mayroon silang isang taon para palalimin

ang pagkakilalanan, mas masuri ang isa't isa, at magkaisa sa mga usaping kaugnay ng pag-aasawa't pagpapamilya.

Samantalang ang buhay mag-asawa ay pangunahing hinaharap ng dalawang kinauukulan, ang mga yunit na kinapapalooban nila ay may tungkulin ding patnubayan ang pag-unlad ng relasyon. Bahagi ng pangangalagang ito ang pagbubunsod ng Partido sa mga karapatan ng babae, upang mabigyan sila ng pagkakataong matupad ang pantay na katayuan at lumahok nang husto sa rebolusyon. Tinutulungan din ng Partido ang mag-asawa na balansihin ang mga responsibilidad sa pamilya at sa rebolusyon.

Sakaling humantong sa pagmumungkahing magdiborsyo ang isang relasyong nahaharap sa mabibigat na suliranin, ito'y buong ingat na pinag-aaralan at ginagawa ang lahat upang masagip ang relasyon.

## Karapatang umibig

Ang matagumpay na relasyong mag-asawa ng mga proletaryong rebolusyonaryo ay nakasalalay sa wastong pag-aangkupan ng personal at pampulitikang ugnayan. Mapagpasya ang pagkakaisang pampulitika, at natutulungan nitong umunlad ang pag-iibigan ng mga kasamang mag-asawa. Gayundin, ang pag-iibigan nila'y tumitindi't lumalalim habang humihigpit ang kanilang pagkakaisang pampulitika.

Hindi maaaring sa pampulitikang batayan lamang iasa ang pagkakaroon ng kasiya-siyang pagsasama. Kayat itinatagubilin ang malayang pagpili ng mga kasama sa kanilang magiging kabiyak; sa panliligaw, ang nililigawan ang magpapasya kung tatanggapin ang sinumang manliligaw, at ipinagbabawal ang paggamit ng katungkulan para mapasagot ang nililigawan.



Sa kabilang banda, kinikilala ng Partido na maaaring mangyari ang malalang pagkasira ng relasyon, at bunga nito'y magkaroon ng mabigat na bagahe sa pagkilos ng mag-asawa. Isa ito sa maaaring maging batayan ng mungkahing diborsyo.

## Pagmamahal sa kauri

Habang pinapahalagahan ng Partido ang pag-iibigan ng mga magkasintahan at mag-asawa, laging pumapatnubay at pinangingibabaw sa personal na relasyon ang pagmamahal sa kauri, na sumasaklaw at nakikipaglaban para sa kapakanan ng Partido, rebolusyon at mamamayan.

Ang mga Komunista, sa pagbubuhos ng sarili sa kapakanang ito, ay kusang nagsasakripisyo ng personal na interes para umunlad ang buong lipunan--at sa panahong ito na nasa kaigtingan ang pakikibaka para agawin ang kapangyarihang pampulitika ay madalas ang gayong mga pagkakataon.

Ang kaharap ng mag-asawa ay di lamang ligaya, kundi mga problemang likas na susulpot sa takbo ng pagsasama, kasabay ng mas malalaki pang usaping nilulutas kaugnay ng kani-kanilang rebolusyonaryong gawain. Kailangan ang pagkagamay sa gawain, bukod sa sapat na gulang ng isip at damdamin, para mahusay na mapakiharapan ang mas kumplikadong sitwasyong ganito. Ito ang dahilan kung bakit nagtatakda ng mga pamantayan sa ligawan at pagpapakasal, tulad ng pagtatapos muna ng isang taong serbisyo para sa mga kasapi o kandidatong kasapi sa mga panlarangang yunit ng hukbong bayan at iba pang gawaing pultaym.

Dagdag pa, kailangang tiyakin na ang magliligawan at magpapakasal ay walang nilalabag na karapatan ng iba, at maipagpapatuloy nila ang puspusang pag-aasikaso sa rebolusyonaryong gawain. Kabilang ang mga konsiderasyong ito sa pangangailangang humingi ng pahintulot sa kinauukulang mga yunit ng Partido bago pumasok sa relasyong pagliligawan at pagpapakasal.

Madaling sabihin, pero mahirap gawin, ang pagpapailalim ng pag-ibig sa kasintahan, asawa o anak sa pangkalahatang kapakanan ng rebolusyon. Sa pamamagitan ng patuloy, bukas at maunawaing pagtutunggalian ng mga ideya at edukasyon,

magiging magaan sa loob ng mga kasama ang pagtanggap sa mga sakripisyong hinihingi ng kasalukuyang yugto ng rebolusyon.

### Wastong pagdadala

Sa kabuuan ay naging wasto ang paghawak ng Partido sa usapin ng pag-aasawa, kahit noong wala pang istandard na mga tuntunin tungkol dito. Tulad ng sinasabi sa praymer, "Pinangibabaw natin ang mga proletaryong prinsipyo, pinangalagaan ang mga karapatan ng mga kasapi ng Partido, itinaguyod natin ang disiplina, at nagpunyagi tayong paunlarin ang relasyong mag-asawa na kapaki-pakinabang sa rebolusyon."

Noong nakaraan, nagkusa ang mga panrehiyong organisasyon ng Partido na maglabas at magpatupad ng kani-kanilang mga tuntunin. Ngayon, ang papairalin ay ang iisang kalipunan ng mga patakaran, na nagsasaalang-alang sa mayamang karanasan ng Partido sa naturang usapin. Ang kasalukuyang mga patakaran din ang magiging batayan para iwasto ang ilang kaso ng sobrang paghihigpit at sobrang pagluluwag sa paglalapat sa mga prinsipyo.

Gayunman, ang paggabay ng Partido sa usapin ng pag-aasawa ay kumbinasyon ng regulasyon--ibig sabihin, mga patakarang tinitiyak ang pagtupad sa kabuuan--at edukasyon--o panghihikayat sa pamamagitan ng kolektibo at indibidwal na pag-aaral.

### Seremonya ng kasal

Sa isang kasalang idinaos kamakailan, bukod sa mga kasama ay dumalo ang ilang kamag-anak at kaibigan ng pares. Nauna na rito ang malalimang pag-uusap sa pagitan ng mga ikakasal, ninong at ninang, at kadreng magkakasal. Pagkatapos, kasama ang ibang mga kasama't kumbidado, nagkaroon ng talakayan sa mga prinsipyo't tuntunin ng Partido sa kasal. Tampok sa masiglang talakayan ang taimtim na pagpapayo ng lahat sa ikakasal. Kahalo na rin ang masayang biruan, sapagkat ang kasalan ay talaga namang okasyon para magsaya at magdiwang.

Maikli lamang ang mismong seremonya. Habang binabalot ng bandilang pula, binigkas ng magkasintahan ang sumpa nila sa isa't isa at sa Partido, at saka nagpirmahan ng kontrata sa kasal.

Dalawa na namang puso ang pinagbuklod, para sa magkatuwang na pagsusulong sa rebolusyon. ●

---

## BALITA

### Abra

Nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan ang 21 armas at napatay ang 14 na pasistang sundalo sa koordinadong mga pag-atake sa pwersa ng kaaway sa Abra, nitong Abril.

Noong tanghaling-tapat ng Abril 12, nireyd ng mga gerilyang bayan ang himpilan ng INP-CHDF sa bayan ng Tubo at walang labanang naagaw ang apat na riple, isang rebolber at mga bala. Pagkalipas ng tatlong oras, inambus ng isa pang yunit ng BHB ang isang dyip ng PC sa Bucloc, at napatay si Tin. Guerzon at apat niyang tauhan. Nakumpiska ng mga gerilya ang anim na ripleng M16, isang M203, 900 bala at tatlong *rifle grenades*.

Kinabukasan, sa bayan ng Bucay, dinurog ng mas malaking pwersa ng BHB ang panaklolong pwersa ng kaaway na lulan ng dalawang dyip. Siyam na PC, kabilang ang isang Kap. Ditol, ang napatay at nasamsam ang lahat nilang armas (walong M16, isang pistolang kalibre-.45) at mga bala.

Samantala, pinwersa ng masidhing karahasang militar ang ilandaang mamamayan ng Abra na lumikas sa karatig na mga bayan ng Mountain Province. Ang makataong trato sa kanila ng mga taga-Mountain Province ay ikinainis nina Brig. Hen. Victorino Azada, pinuno ng Northern Command, at Gub. Arturo Barbero ng Abra. ●

*(Liberation)*

### Isabela

Limang ripleng Garand at tatlong karbin ang nakumpiska ng BHB sa isang yunit ng CHDF sa San Mariano, Isabela, noong Abril.

Nasurpresa at sumuko agad ang limang paramilitar ng rehimen at itinuro kung nasaan ang tatlo pa nilang kasamahan. Nang matunton ang mga ito sa kasunod na sityo, nanlaban sila hanggang sa mapatay ng BHB ang isa at malubhang nasugatan ang isa pa. Sumuko ang natitirang kaaway

matapos matantyang wala na siyang laban.

Samantala, siyam pang riple (walong M16 at isang M14) ang naagaw ng mga Pulang mandirigma sa pitong maliliit na operasyon laban sa pwersa ng kaaway sa Isabela at kanugnog na probinsyang Cagayan mula Pebrero hanggang Abril. ●

*(Baringkuas)*

## Surigao

Nilipol ng BHB sa isang ambus ang 10-kataong pwersa ng PC-INP-CHDF na sakay ng dyip noong Mayo 11 sa Alegria, Surigao del Norte. Walo ang patay (2 PC, 3 pulis, 3 CHDF) at sugatan ang dalawa pa (1 PC, 1 pulis). Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ang limang M16, apat na ripleng Garand at isang rebolber.

Dinisarmahan naman ng hukbong bayan ang pwersang sikyuriti sa minahan ng ginto ng Surigao Consolidated sa bayan ng Tubod noong Marso 31. Naagaw ang isang M16 at siyam na *shotgun*. ●

*(Insureksyon)*

## Pampanga

May 10,000 mamamayan ang nagrali sa Angeles City noong Hunyo 12 para kondenahin ang pananatili ng mga base ng US sa Filipinas na anila'y insulto sa soberanya ng bansa at sa demokratikong karapatan ng mga Pilipino.

Nauna rito, noong Abril 18, 3,000 ang nagrali sa harapan ng kapitolyo ng probinsya sa San Fernando para batikusin ang militarisasyon at karahasang militar sa Gitnang Luson at igiit ang hustisya para sa tatlong manggagawang sinalbeyds ng militar kamakailan.

Tinuligsa rin sa rali ang papel ng mga base ng US sa sumisidhing militarisasyon sa rehiyon at sa ibang panig ng kapuluan, at inilantad ang mga problema ng mga magsasaka sa lupa at irigasyon. ●


## Negros

"Itaas ang sahod ng mga manggagawa!" "Ipawalang-bisa ang Batas Pambansa 130 at 227!" "Ihinto ang panunupil-militar!" Ito ay ilan sa mga islogang ibinandila't ihiniyaw ng 25,000 manggagawa sa martsa-rali noong Mayo 1 sa Bacolod City.

Nagmula sa iba't ibang bayan ng Negros Occidental, binatikos nila ang panunupil ng estado at nanawagan sa ibayong pagsusulong ng tunay na unyonismo at pakikipagkaisa sa iba pang api't pinagsasamantalahang sektor ng lipunan. Ipinaabot naman ng mga manggagawang taga-Ireland at Australia ang kanilang mainit na pakikiisa sa pakikibaka ng mga manggagawang Pilipino. ●

## Bigas

Patuloy na magluluwas ng bigas ang rehimeng Marcos kahit kapos ang suplay ng palay at mais sa Mindanaw at mga pulo ng Cebu, Negros, Leyte at Samar. Mas mura pa nga ang presyong pang-eksport kaysa para sa mga mamimiling Pilipino.



Ipinahayag ni Jesus Tanchanco, minister sa pagkain ng rehimen, ang pag-eeksport simula ngayong Hunyo ng 1.8 milyong kabang bigas (90,000 tonelada) sa Indonesia, Brazil at Papua New Guinea. Ipinagbili ang bigas sa Indonesia at Brazil sa presyong ₱2.30 bawat kilo. Noong Mayo, pumatak sa ₱2.80 bawat kilo ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan at umabot naman sa ₱3.00 bawat kilo sa lokal na pamilihan.

Samantala, inamin ng rehimen na di bababa sa 10 milyong kabang palay (200,000 tonelada) ang sinira ng walong-buwang tagtuyot sa Mindanaw at Kabisayaan. Kapos di lang sa bigas kundi pati sa mais. Kamakailan nga, inirikumenda ni Arturo Tanco, minister sa pagsasaka, na magpadala ng 5 milyong kabang bigas sa Mindanaw. Karamihan ng mga magsasaka ay di pa muling nakapagtatanim dahil tigang pa ang lupa, walang panggastos, o kapos sa punla. ●

## Gitnang Amerika

Binigo ng hukbo ng Nicaragua ang pangalawang pananalakay ng mga kontra-rebolusyonaryong tropa o kontra mula sa Honduras nitong Hunyo. Ayon sa ulat mula sa Nicaragua, tuwirang tumulong ang hukbo ng Honduras sa dalawang pananalakay ng mga kontra nitong Hunyo.

Ang unang pagsalakay na binigo ng Nicaragua ay inilunsad ng 600-kataong pwersa ng mga kontra noong Hunyo 2. Ang Honduras ay kinakasangkapan ng US para sa patakaran nito ng agresyon sa Gitnang Amerika.

Noong Hunyo 3, dumating sa Honduras ang 100 sundalo ng ispesyal na pwersa ng US (Green Beret) upang sanayin at buuin ang karagdagang yunit militar para sa reaksyonaryong rehimen ng El Salvador at ng Honduras.

Sa ngalan ng anti-komunismo at pangangalaga sa interes ng US, itinutulak ng administrasyong Reagan ang mapandigmang patakaran sa Gitnang Amerika para ibagsak ang pamahalaan ng Nicaragua at supilin ang rebolusyon sa El Salvador.

Tumanggi ang US na dumalo sa negosasyong hinihingi ng Nicaragua para pag-usapan ang masamang pakikitungo dito ng US. ●

## Chile

Libu-libong mamamayan ng Chile ang nakipagsagupaan sa mga pulis sa buong bayan noong Hunyo 15 sa pagprotesta sa paghaharing militar at pang-ekonomyang patakaran ng rehimeng Pinochet.

Ito ang pinakamalaking protesta laban sa gubyerno mula nang agawin ni Augusto Pinochet, sa suporta ng US, ang kapangyarihan mula sa demokratikong ihinalal na si Salvador Allende noong 1973. Sa kasalukuyan, nagdaranas ang mga mamamayan ng Chile ng pinakamalubhang krisis pang-ekonomya sa loob ng 50 taon.

Mula Mayo 11, nang idineklara ang pambansang araw ng protesta, pumutok ang mga demonstrasyon at welga na humantong sa labanan sa kalsada sa pagitan ng mga nagpoprotesta at otoridad noong Hunyo 15. Tatlo ang napatay, marami ang nasugatan at mahigit 350 ang inaresto ng mga pulis. Kabilang sa inaresto ang lider ng unyon ng mga minero ng tanso. ●

## Nagkaisa?

Ang mga balak ng US kontra sa Soviet Union para sa kumprontasyong nukleyar sa Europa ay may nakuhang suporta mula sa mga pangunahing alyado nito sa dalawang pulong na ginanap kamakailan. Ngunit wala silang napagkaisahang solusyon sa problema ng pagpapabilis sa mabagal na pagbabangon ng kapitalistang ekonomya sa mundo.

Sa pagtitipon sa syudad ng Williamsburg sa US, sinang-ayunan ng mga pinuno ng Japan, Great Britain, West Germany, Italy, France at Canada ang pagdeploy sa Europa ng mga misil na Pershing II at Cruise misil ng US. Subalit nang magpulong pagkatapos ang mga minister sa depensa ng mga bayang myembro ng North Atlantic Treaty Organization (NATO), tinanggihan nila ang panukala ng US na dagdagan ng $1 bilyon (₱10 bilyon) ang badyet ng NATO. Ang ganitong magkasalungat na aksyon ay sumasalamin sa pag-aagam-agam ng mga pangunahing alyado ng imperyalismong US bunga ng masiglang kilusan ng mga mamamayan sa kanilang mga bayan laban sa imperyalistang panghihimasok at paligsahang nukleyar sa pagitan ng mga superpawer.

Sa kabilang banda, natapos ang pulong sa Williamsburg nang di nasisiyahan ang mga magkakaalyado dahil sa pagtanggi ng US na gumawa ng konsesyon sa ilang usapin tulad ng pagbawas ng depisit sa badyet ng US, pagpapababa sa interes sa pautang, at lumalaking utang ng mga bayan sa Ikatlong Daigdig. ●